# ANO ANG **LAYUNIN** NG **BUHAY?**

**saan**
ako nanggaling?

**bakit**
ako nandito?

**saan**
ako paroroon?

learn the basics

www.iicoman.om

Isa sa mga tanong na unang sumagi sa isipan sa usapin layunin ng buhay ay, **"Saan tayo nanggaling?"** Narito ba tayo dahil sa naturang pagkakataon? o may mas higit pa bang matalino, isang tagapaglikha? Maraming mga Lohikal at makatuwirang dahilan sa paniniwala sa isang Tagapaglikha. Tatlong mga dahilan ay nakasaad sa ibaba.

## 1. Pinagmulan ng **sansinukob**

Isa sa mga katibayan sa pagkakaroon ng tagapaglikha ay maiuugnay sa pag-unawa sa pingmulan ng Sansinukob.

Ipagpalagay mo na ikaw ay naglalakad sa isang disyerto at ika'y nakapulot ng isang relo. Alam natin na ang relo ay binubuo at yari sa salamin, plastic at metal. Ang salimin ay nagmula sa buhangin, ang plastic naman ay nagmula sa langis at ang metal ay kinuha mula sa lupa- Lahat ng mga sangkap na ito ay matatagpuan sa disyerto. Maniniwala kaba na ang relo ay nabuo ng mag-isa?. Na ang araw ay sumikat, umihip ang hangin, tumama ang kidlat at ang langis ay bumula sa ibabaw ng disyerto at naghalo-halo pati ng buhangin at metal, at sa paglipas ng milyon-milyong mga taon, ang relo ay nabuo sa pamamagitan ng naturang pagkakataon?

*May mga maaaring magtanong "Sino ang lumikha sa diyos" ang diyos, na tagapaglikha ay naiiba sa ka kanyang mga nilikha. Ang diyos ay laging umiiral at siya'y walang pinagmulan.*

Ang karanasan ng tao at ang simpleng lohika ay nagsasabi na ang isang bagay na may pinagmulan hindi lamang dumating mula sa wala, hindi rin maaari na nag isang bayay ay nabuo ng mag-isa. Samakatwid, ang pinakamakatuwirang paliwanag ay ang pagkakaroon ng mas mataas na katauhan na lumikha ng sansinukob. Siya ang pinakamakapangyarihan at Matalino sapagkat nilikha niya ang buong sansinukob at ang "batas ng agham" na namamahala dito. Maaari rin nating sabihin na siya ay walang hangganan o walang katapusan sapagkat ang oras, espasyo at mga bagay ay nagsimula lamang sa pagkalikha ng sansinukob. Lahat ng mga katangiang ito ay bumubuo sa pangunahing konsepto ng tagapaglikha ng sansinukob. Ito ay naaayon sa napagkasunduan ng modernong agham na nagsasabi na ang sansinukob ay may hangganan at may pinagmulan.

## 2. Kawastuhan ng **sansinukob**

Ang pangalawang katibayan sa pagkakaroon ng Tagapaglikha, ang diyos, ay ang kaayusan at kawastuhan ng sansinukob.

Maraming katangian ng sansinukob ang malinaw na nagsasaad na ito ay natatanging nilikha upang tustusan ang buhay, tulad ng layo ng daigdid mula sa araw, kapal ng ibabaw ng daigdig, ang bilis ng pag-ikot nito sa araw, ang porsyento ng oxygen sa atmospera, maging ang posisyon ng daigdig. Kung ang mga sukat na ito ay naiiba sa kung ano ang sukat nito ngayon, maaaring walang buhay ang matustusan dito.

*"Katunayan, ang paglikha ng Langit at lupa at ang paghalili ng gabi sa araw ay mga tanda para sa mga nakakaunawa."*
*Quran 3:190*

Sa parehong paraan, ang relo ay may matalinong tagagawa upang mapanatili ang tamang oras, gayundin ang mundo ay may matalinong tagapaglikha upang mapanatili ang tamang oras at pag-ikot nito sa araw? Ito ba maaaring maganap ng mag-isa?

Kung makikita natin ang kaayusan, tiyak na mga batas at mga sistema na nasa atin at sa buong sansinukob, hindi ba makatuwiran na sabihin na sila ay may "taga-ayos"? muli, ito ay maipapaliwanag ng mabuti sa pagkakaroon ng diyos- ang naglikha ng kaayusang ito.

## 3. Rebelasyon galing sa **Diyos**

Ang pangatlong katibayan sa pagkakaroon ng Tagapaglikha, ang Diyos, ay ang mga rebelesyon na ipinadala sa sangkatauhan bilang tanda ng kanyang pag-iral. May mga malinaw na palatandaan na ang aklat ng Islam, ang Quran, ay salita ng diyos. Nakasaad sa ibaba ang milking buod ng mga dahilan bilang patunay dito. **Ang Quran:**

*Dahil ipinahayag ng diyos ang aklat ng kautusan, asahan natin na ito ay naglalaman ng malinaw na katibayan sa pagkakaroon ng Diyos.*

- Ito ay mahigit 1400 taon nang umiiral at naglalaman ito ng mga siyentipikong kaalaman na lingid sa kaalaman ng mga tao sa panahong iyon at natuklasan lamang kamakailan sa pamamagitan ng agham. Halimbawa kabilang dito ang: Ang tubig ay ang pinagmulan ng lahat ng bagay na may buhay (Quran 21:30) ang lumalawak na sansinukob (Quran 51:47) ang kanya-kanyang pag-ikot ng araw at ng buwan (Quran 21:33).
- Naglalaman ito ng maraming mga makasaysayang kaalaman na lingid din sa kaalaman ng mga tao sa panahong iyon at

napakaraming mga panukala na napatunayang tama.

- Ito ay Malaya mula sa anumang kamalian o pagsalungat sa kabila ng mahigit 23 taong sunod-sunod na rebelasyon at sumasakop sa malawak na ibat-ibang mga paksa.
- Ang bawat salita, ay napreserba mula nang rebelesasyon nito sa orihinal na wikang Arabic, hindi katulad ng ibang kasulatan na kung saan wala na sa original na kaanyuan.
- Naglalaman ito ng payak, dalisay at pangkalahatang mensahe na kawili-wili sa isipan ng tao at nagbibigay ng likas na paniniwala sa makapangyarihang diyos.
- Ito ay ipinahayag kay propeta Muhammad (Sumakanya nawa ang kapayapaan) na kilala bilang "hindi makakabasa't hindi makasulat" ngunit ito'y naglalaman ng natatanging istilo ng wika na pangkalahatang kilala bilang pinakamagandang istilo sa pagsasalita ng Arabic.

Ang pinakamakatuwirang paliwanag ukol sa pagiging natatangi at napakaraming mga himala sa aspeto ng Quran ay dahil ito ay nanggaling sa diyos.

## Ang **Diyos** ay nagpadala ng mga **kautusan**

Matapos nating magunita na tayo ay nilikha ng pinakamatalinong tagapaglikha, ang diyos, marapat din na malaman natin ang ating layunin. Paano natin malalaman kung ano ang inaasahan ng diyos mula sa atin? Tayo ba ay nabubuhay sa "pagsubok at pagkakamali" o tayo ay gumawa ng sarili nating layunin? Tayo ba ay sumusunod lamang sa ihip ng hangin sa pamamagitan ng pagsunod sa iba? Hindi, ang diyos ay nagpadala ng mga propeta at kapahayagan upang maipabatid sa atin ang ating layunin.

Ang Diyos ay nagpadala ng libu-libong mga propeta, isa sa bawat angkan, dala ang pare-parehong mensahe: Ang pagsamba sa nag-iisang diyos at pagsunod sa kanyang mga ipinag-uutos. Kabilang dito sina Adam, Noah, Abraham, Hesus at si propeta Muhammad (Sumakanila nawa ang kapayapaan).

Si propeta Muhammad (Sumakanya nawa ang kapayapaan), ang kahuli-hulihan sa hanay ng mga Propeta, siya ay isang ganap na halimbawa ng isang matapat, makatarungan, maawain at magiting na tao. Ipinadala sa kanya ang huling kapahayagan mula sa diyos, ang Quran, upang ipahayag ang katuruan nito at paano ito isagawa.

Ang Quran ay aklat ng kautusan na nagpapaliwanag ng maraming konsepto tulad ng: layunin ng ating buhay; Sino ang Diyos; mga Gawain na ipanag-uutos at ipinagbabawal ng diyos; Mga kwento ng mga propeta at mga aral na mapupulot dito; mga talaan ng paraiso, impyerno at araw ng paghuhukom. Layunin nitong linawin ang mga maling pagkaunawa sa likas na katangian ng diyos, tulad ng paglilinaw sa katauhan at tungkulin ni hesus kung ikukumpara sa likas na katangian ng diyos.

## Ang katauhan ni **Hesus**

Ilan sa mga kristiyano ang nag-aangkin na **"si Hesus ay Diyos"** o kabilang sa tatlo, siya ay diyos na nagkatawang tao sa lupa at ang Diyos ay nagkawangis tao. Gayonpaman, ayon sa bibliya, si hesus ay isinilang, kumain, natulog, nagdasal at nagkaroon ng kaunting kaalaman - na ang lahat ng ito ay hindi angkop sa katangian ng Diyos. Ang Diyos ay mayroong mga katangiang ganap na kung saan salungat ito sa katangian ng tao. Kaya papaano maging isa ang dalawang magkasalungat sa iisang panahon? Ito ay walang katuwiran.

*Kung ating aalamin ang konsepto ng pagkadiyos sa islam, mahalagang pag-usapan ang katayuan ni Hesus.*

Magkagayon, ang ilan ay maaring magtanong, "kung kaya ng Diyos gawin ang anumang bagay, bakit hindi maari na siya ay maging isang tao?" Bilang pagpapakahulugan, ang diyos ay hindi kumikilos nang hindi naaayon sa kanyang katauhan bilang diyos, kung kaya't kung ang diyos ay maging tao at kumilos nang naayon sa katauhan ng isang tao, siya ay hindi na maituturing diyos.

At isa pa, maraming bersikulo sa bibliya na kung saan si hesus ay nagsalita at kumikilos nang hindi naaayon sa katauhan ng diyos. Halimbawa. Si Hesus ay "nagpatirapa at nanalangin" [Mateo 26:39]. kung. Si Hesus ay Diyos, maari bang ang Diyos ay magpatirapa at manalangin? Kung ganun, kanino naman kaya siya mananalangin?

Ilan sa mga kristiyano ang nag-aangkin na **"si Hesus ay anak ng Diyos."** Tanungin natin ang ating mga sarili, ano ba talaga ang tunay na ibig sabihin nito? Tunay na ang Diyos ay malayo sa pagkakaroon ng pisikal at literal na anak. At sa halip, ating napag-alaman na ang kataga **"anak ng Diyos"** ay simbolo na ginamit sa mga naunang wikang bibliya na nangangahulugang **"Matuwid na tao"**. Ito ay ginagamit sa lumang tipan para sa **"mga matutuwid na tao"** tulad nina David, Solomon at Israel-hindi kabilang dito si hesus. **"Si Israel ay panganay kong anak"** (exodus 4:22) ay isang halimbawa.

*"Hindi naaangkop sa Allah ang magkaroon ng anak na lalaki, luwalhati sa Kanya."*
*Quran 19:35*

Ang Paniniwala ng Islam kay Hesus ay nagpapalinawag ng tunay na katauhan ni hesus, habang pinapanatili ang dalisay na paniniwala sa diyos at sa kanyang ganap na kadakilaan, kaisahan at kaganapan. Si hesus ay marangal na propeta na ipinadala ng Diyos upang manawagan tungo sa pagsamba sa nagiisang diyos.

## **Bakit** nga ba ako nandito?

Bawat isa ay maaaring gumunita na ang parte ng ating katawan, tulad ng mata, tenga, utak at puso ay may Layunin. Hindi ba't maaari rin nating sabihin na ang bawat isa sa atin ay may layunin sa kabuuan?

Ang diyos, ang bukod-tanging maalam, ay hindi tayo nilikha ng walang dahilan o upang tuparin lamang natin ang ating mga pangunahing pagnanais, sa halip, tayo ay may mahalagang layunin-iyon ay upang sambahin ang nag-iisang diyos, kung kaya't tayo ay nabubuhay sa gabay ng tagapaglikha. Ang gabay na ito ay nagbibigay sa atin ng mapalad at magandang buhay sa lahat ng aspeto. Kabilang dito ang pansariling gawa at kilos tulad ng pagdarasal, kapaki-pakinabang na gawin sa lipunan, tulad ng pagiging mabuti sa kapwa, pagtulong sa isang pamilya, at mabuting pakikitungo sa mga hayop.

Ipinagbabawal ng diyos ang pagsamba ng iba maliban sa kanya (e.g. istatwa, ang araw, buwan, santo, pari at maging ang mga propeta). Siya ay hindi nangangailangan ng kasama o tagapamagitan. Lahat ay maaring direktang sumamba sa kanya.

## **Ano** nga ba ang aking gagawin?

Ang pagsubok sa pananampalataya ng isang tao ay nababase sa paggamit ng kanyang pang-unawa upang pagnilay-nilayin at kilalanin ang mga tanda ng Diyos at mamuhay nang naaayon sa kanyang ipinag-uutos. Ito ay naisasagawa sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang kautusan, na kung sa wikang Arabic ay nangangahulugang nang pagiging isang "Muslim".

Ang diyos, ang nag-iisang Tagapaglikha- "Allah" sa wikang Arabic- ginawa niya ang islam para sa lahat, anuman ang kanilang kasaysayan, karanasan o kasalukuyang sitwasyon. Samakatwid, lahat ay maaaring maging isang muslim sa pamamagitan lamang ng paniniwala at pagsambit ng mga sumusunod na deklarasyon ng pananampalataya:

**"Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na karapat-dapat na sambahin maliban sa allah, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay sugo ng Allah."**

Hindi ba't ito na ang tamang oras upang tuparin mo ang iyong layunin, at isuko mo ang iyong sarili sa katotohanan at gunitain mo ang iyong Tagapaglikha?

**Islamic Information Center**
Sultan Qaboos Grand Mosque
Muscat, Sultanate of Oman
www.iicoman.om
For more information about Islam and other paphlets in this series contact:
**Whatsapp:** +968 99250777 **Email:** support@iicoman.om